Buong Teksto

KUNG BAKIT GUSTO NG BAGOBO ANG PUSA

Handog sa inyo ng Areté at Ateneo Basic Education, *Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa,* mula sa Philippine Folk-Tales ni Clara Kern Bayliss, et al. Salin sa Filipino ni Paolo Ven Paculan at babasahin ni Airalyn Gara.

May isang matandang lalaking nangingisda sa batis. Napansin niyang nagiging maputik ang tubig ngunit hindi niya alam kung ano ang nangyayari. Kaya umalis siya roon at naglakad nang naglakad. Nang makarating siya sa 'di kalayuan, nakita niya sa putikan ang isang malaking Leong nangangain ng tao. Kagigising lang ng Leon mula sa pagkakatulog nito sa putik. Sabi nito sa lalaki, "Kung hihilahin mo ako mula rito sa putik at sasakyan mo ako patungo sa aming bayan, bibigyan kita ng maraming bagay." Kaya iniahon ng lalaki ang Leon mula sa putikan.

Tumayo sandali ang Leon at sinabing, "Ngayon ay kailangan mong sumakay sa akin."

Kaya't sumakay ang lalaki sa likod ng Leon at naglakbay hanggang sa marating nila ang isang malawak na pastulan. Saka sinabi ng Leon, "Ngayon ay kakainin kita."

Sumagot ang lalaki, "Ngunit hanapin muna natin ang Kalabaw at magtanong sa kanya."

Pumayag ang Leon kaya't naglakad sila hanggang sa matagpuan ang Kalabaw.

"Gusto akong kainin ng Leon," reklamo ng lalaki.

"Tama! Kainin mo siya, Leon," tugon ng Kalabaw, "dahil palaging nakasakay sa aking likuran ang mga tao at nilalatigo ako."

Maraming Kalabaw sa pastulang iyon at lahat sila ay sumang-ayon.

Kaya sinabi ng lalaki sa Leon, "Pwede mo akong kainin pero pumunta muna tayo sa mga Baka

at sabihin ito sa kanila."

Hindi nagtagal ay narating nila ang tahanan ng mga Baka at sinabi ng lalaki sa mga ito na gusto

siyang kainin ng Leon.

Sabay-sabay na sumagot ang mga Baka, "Naku, kainin mo 'yan, Leon, dahil buong araw kaming itinataboy sa bukirin ng mga tao."

"Sige!" pagsang-ayon ng lalaki, "pero kausapin muna natin ang mga Aso."

Nang marating nila ang tahanan ng mga Aso, naghimutok ang lalaki: "Kakainin ako ng Leon."

Sinabi ng mga Aso sa Leon, "Kainin mo ang lalaking ito; dahil araw-araw, tuwing kumakain sila, pinapalo nila kami palayo sa pagkain."

Sa huli, sinabi ng lalaki, "Siguradong kakainin mo ako, Leon; pero puntahan lang muna natin ang Pusa."

Nang marating nila ang tahanan ng Pusa, natagpuan nila itong nakaupo sa may pinto at nagbabantay sa kanyang magandang tahanan. Mayroong kakahuyan ng Niyog sa paligid nito.

Mag-isang namumuhay ang Pusa.

Sinabi ng lalaki sa binibining Pusa, "Gusto akong kainin ng Leon."

"Sige, Leon," tugon ng Pusa; "ngunit humukay ka muna ng malalim na butas sa lupa. Mag-uunahan tayong pumasok sa butas. Kapag nauna kang tumalon, matatalo ako at mananalo ka."

Tumakbo nang mabilis ang Leon at tumalon sa butas. Dali-dali naman siyang tinakpan ng Pusa ng lupa at bato hanggang sa siya ay mamatay. Ngunit bago siya tuluyang mamatay, tinawag ng Leon ang Pusa at sinabing, "Sa tuwing makikita ko ang iyong dumi ay kakainin ko ito." Kaya itinatago ng Pusa ang kaniyang dumi dahil sa takot na baka dumating ang Leon.

Ang Leon ay aso na ngayon ng Buso--masasamang espiritung matatangkad, mahahaba ang pangil, iisa ang mata, at tulad ng aso'y kinakain ang anuman pati mga bangkay.

***

Pinagkuhanan: Salin sa Filipino ni Paolo Ven B. Paculan 2020, mula sa librong Philippine Folk-Tales ni Clara Kern Bayliss, et al. 2004

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The LIght of The Fly
The Snail and The Deer
Why Dogs Wag Their Tails

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Adarna House:

Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes (Anvil Publishing)

Ang Pitong Tanga
Rosamistica

Tahanan Books:

Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang Kuwentong-bayan
Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo
The Termite Queen and other Classic Philippine Earth Tales
Volcano of Love and Death

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
John Robert Yam	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*
Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate*
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Rey Sotto Duane Ligot Justine Ray Santos Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	*Sound Design and Technical Team*
Vannessa Reventar	*Logistical Support*
Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*

Ateneo de Manila Basic Education

Fr. Joaquin Jose Mari C. Sumpaico III SJ	*Vice President for Basic Education*

Ateneo Grade School

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ.	*Headmaster*
Jervy M. Robles	*Assistant Headmaster for Academic Affairs*

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	*Principal*
Genalyn S. Sanvictores	*Assistant Principal for Academic Affairs*
Paolo Ven B. Paculan	*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*
Airalyn Gara	*Assistant Teacher* *(Voice Actor for the episode)*
Kristine Ann P. Valdellon	*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta	*Principal*
Luis Allan B. Melosantos	*Assistant Principal for Academic Affairs*